# MGA TAGUBILIN PARA SA PAGSAGOT NG SSA-827

ITONG MGA TAGUBILIN NA NAKASULAT SA TAGALOG AY ANG ISINALING SSA-827 FORM. KAILANGAN NINYONG PIRMAHAN AT PETSAHAN ITO AT IBALIK ANG NAKASULAT SA INGLES NG SSA-827 SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA INYONG LUGAR PARA MAPROCESS ANG INYONG DISABILTY CLAIM.

**KANINONG** ***Mga tala ang isisiwalat***

Mangyaring isulat ang inyong unang pangalan, panggitnang pangalan at apelyido, ang inyong numero sa social security at ang inyong petsa ng kapanganakan.

## KAPAHINTULUTAN NA ISIWALAT ANG IMPORMASYON SA SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION (SSA)

## ** MANGYARING BASAHIN ANG BUONG FORM BAGO PIRMAHAN SA IBABA **

**Kusang-loob akong nagbibigay ng kapahintulutan at hinihiling na isiwalat** (kabilang ang mga nakasulat, sinabi, at pinadalang e-mail):

**ANO ANG MGA ITO** ***Lahat ng aking mga medikal na tala;*** **at mga tala ukol sa edukasyon at ibang impormasyon na may-kinalaman sa aking kakayahang magsagawa ng mga tungkulin. Kabilang dito ang takdang pahintulot na isiwalat ang:**

1. Lahat ng mga tala at mga iba pang impormasyon tungkol sa aking pagpapagamot, pagpapaospital at outpatient care para sa aking (mga) kapinsalaan kabilang, at hindi limitado sa:
   - Psychological, psychiatric o (mga) ibang kapinsalaang pangkaisipan hindi kabilang ang "psychotherapy notes" tulad ng tinatakda sa 45 CFR 164.501
   - Ang pag-abuso ng gamot, paglalasing, o mga pag-abuso ng iba pang sangkap
   - Sickle cell anemia
   - Mga ulat na maaaring magpakita ng pagkakaroon ng sakit na nakakahawa o di-nakakahawa; at ang mga pag-iksamen para sa mga tala ng HIV/AIDS
   - Mga kapinsalaang kaugnay sa genes (kabilang ang mga resulta ng genetic test)
2. Mga impormasyon tungkol sa kung ano ang epekto ng (mga) kapinsalaan ko sa aking kakayahang tapusin ang mga trabaho at gawain ng pang-araw-araw na pamumuhay, at ang epekto sa aking kakayahang makapagtrabaho.
3. Mga kopya ng mga iksamen o ebalwasyon na nauukol sa karunungan kabilang ang Individualized Educational Programs, mga assessment tuwing tatlong taon, mga ebalwasyong psychological at para sa pananalita at ano pa mang mga tala sa makakatulong sa ebalwasyon ng pagsasagawa ng mga tungkulin; at pati na rin ng mga obserbasyon at ebalwasyon ng mga guro.
4. Mga impormasyong ginawa sa loob ng 12 buwan pagkalipas sa petsa na pinirmahan itong kapahintulutan, at pati na rin ang mga impormasyon sa nakaraan.

**MULA KANINO**

- Lahat ng mga mapagkukunan ng mga impormasyong pangmedikal (mga ospital, klinika, doktor, psychologist, atbp.) kabilang ang mga lugar ng paggamot para sa pangkaisipang kalusugan, correctional, pagkagumon, at VA health care facilities.
- Lahat ng mga mapagkukunan ng mga impormasyong pang-edukasyon (mga paaralan, guro, tagapamahala ng mga tala, counselors, atpb.).
- Social workers/rehabilitation counselors.
- Mga kinokonsultang examiners na ginagamit ng SSA.
- Mga pinagtatrabahuhan, kompanya sa paseguro, programa sa pasuweldo ng mga manggagawa.
- Mga ibang tao na maaaring alam ang tungkol sa aking kalagayan (mga miyembro ng aking pamilya, kapit-bahay, kaibigan, opisyal ng pamahalaan).

**PARA KANINO**

**Para sa Social Security Administration at sa ahensiya ng Estado na may kapahintulutang iprocess ang aking kaso** (karaniwang tinatawag na "disability determinatoion services") **kabilang ang contract copy services, at ang mga doktor o mga iba pang kinonsultang propesyonal sa panahon ng process.** [At, para sa mga claim na mula sa ibang bansa, para sa U.S. Department of State Foreign Service Post.]

**ANG LAYUNIN**

Upang malaman kung ako ay **karapat-dapat makatanggap ng mga benepisyo**, kabilang ang pagtingin sa pinagsamang epekto ng mga kapinsalaan na kung nag-iisa lamang ay hindi sinasapat ang mga pagtatakda ng SSA para sa disability, at kung puwede kong pamahalaan ang mga ganitong benepisyo.

Tsekan ang kuwadrado sa kaliwa sa SSA-827 na nakasulat sa Ingles kung pagpapasiyahan namin kung kaya ninyong pamahalaan ang inyong mga benepisyo LAMANG (tsekan lamang kung umaaplay ito).

**KAILAN MAWAWALAN NG BISA** Itong kapahintulutan ay maybisa ng 12 buwan magmula sa petsang pinirmahan ito (nasa ibaba ng aking pirma).

- Ako ay nagpapahintulot sa paggamit ng kopya (kabilang ang eletronic copy) nitong form para sa pagsisiwalat ng mga impormasyon na inilalarawan sa itaas.
- Naiintindihan ko na may mga ilang pangyayari na itong mga impormasyon ay maaaring isiwalat sa mga iba pang pangkat (tingnan ang pahina 2 para sa mga detalye).
- Puwede akong sumulat sa SSA at sa mga pinagmumulan ng impormasyon para bawiin itong kapahintulutan sa anumang oras (tingnan ang pahina 2 para sa mga detalye).
- Ako ay bibigyan ng SSA ng kopya nitong form kung hihilingin ko; puwede kong hilingin sa pinagmumulan ng mga impormasyon na pahintulutan akong tingnan ang mga isisiwalat o makakuha ng kopya ng mga ito.
- Binasa ko ang harapan at likod nitong form at sumasang-ayon ako sa mga pagsisiwalat ng mga impormasyong nakalista sa itaas, ng mga nakalistang pinagmumulan ng mga impormasyon.

***** MANGYARING PIRMAHAN NA GINAGAMIT LAMANG ANG ASUL O ITIM NA TINTA.**

| | |
|---|---|
| **ANG TAONG nagpapahintulot ng pagsisiwalat**<br><br>Kailangang pirmahan at petsahan ng tao itong kapahintulutan, at isulat ang kanyang direksiyon ng kalye, lungsod, estado at zip code at numero ng telepono na kasama ang area code. | KUNG hindi pinirmahan ng taong tinutukoy para sa pagsisiwalat ng impormasyon, banggitin ang pinagbabatayan kung bakit ibang tao ang pumipirma para sa kapahintulutan. Tsekan ang naaangkop na kuwadrado sa SSA-827 na nakasulat sa Ingles para ipakita kung ang taong pumipirma ay ang magulang ng isang batang wala pa sa hustong gulang, tagapag-alaga, o ibang personal na kinatawan (ipaliwanag). Pirmahan ang SSA-827 na nakasulat sa Ingles sa inilaang puwang kung iniuutos ng batas ng Estado ang dalawang pirma. |

**Saksi:** Sa seksiyong ito ng SSA-827 na nakasulat sa Ingles, ang isang taong kilala ang taong pumipirma sa form ay kailangang pumirma bilang saksi at isulat ang kanyang numero ng telepono o direksiyon. May puwang para sa pirma ng ikalawang saksi kung kinakailangan.

*Ginawa itong pangkalahatan at natatanging pagsisiwalat ng mga impormasyon para sumunod sa mga tadhana tungkol sa pagsisiwalat ng mga impormasyong pangmedikal, nauukol sa edukasyon, at mga iba pang impormasyon alinsunod sa P.L. 104-191 ("HIPAA"); 45 CFR parts 160 at 164; 42 U.S. Code section 290dd-2; 42 CFR part 2; 38 U.S. Code section 7332; 38 CFR 1.475; 20 U.S. Code section 1232g ("FERPA"); 34 CFR parts 99 at 300; at batas ng Estado.*

## Pagpapaliwanag ng Form SSA-827,
## "Kapahintulutan Para Sa Pagsisiwalat ng mga Impormasyon sa Social Security Administration (SSA)"

Kailangan namin ang inyong nakasulat na pahintulot para tumulong na makuha ang mga impormasyong kinakailangan para maprocess ang inyong kahilingan at para alamin ang inyong kakayahan sa pamamahala ng mga benepisyo. Iniuutos ng mga batas at regulasyon na ang mga pinagmumulan ng mga impormasyong tungkol sa inyo ay may mga pinirmahang kapahintulutan bago ito isiwalat sa amin. At, iniuutos ng mga batas ang isang partikular na kapahintulutan para isiwalat ang mga impormasyong tungkol sa mga ibang sakit at mula sa mga pinagmumulang nauukol sa edukasyon.

Puwede ninyong ibigay itong pahintulot sa pagpirma sa isang form SSA-827. Ang batas ng pamahalaang Pederal ay nagpapahintulot sa mga pinagmumulan ng mga impormasyong tungkol sa inyo na isiwalat ang impormasyong iyon kung kayo ay pumirma ng iisang kapahintulutan para isiwalat ang lahat ng mga impormasyong tungkol sa inyo mula sa lahat ng maaaring pinagmumulan ng mga impormasyon. Gagawa kami ng mga kopya nito para sa bawat pinagmumulan ng impormasyon. Ang nasasaklaw (ito ang pinagmumulan ng impormasyong pangmedikal tungkol sa inyo) ay hindi puwedeng magtadhana sa paggamot, kabayaran, pagpapalista, o pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo batay sa kung pinirmahan ninyo itong form para sa kapahintulutan. May mga ilang Estado, at mga ilang pinagmumulan ng impormasyon, na hinihingi na isulat sa kapahintulutan ang pangalan ng pinagmumulan ng impormasyon na pinahihintulutan ninyong isiwalat ang impormasyong tungkol sa inyo. Sa mga kalagayang iyon, maaari naming hilingin sa inyong pumirma ng isang kapahintulutan para sa bawat pinagmumulan ng impormasyon at maaaring muling kontakin namin kayo kung kailangan namin kayong papirmahin sa mga karagdagang kapahintulutan.

Kayo ay may karapatang bawiin itong pahintulot sa anumang oras, maliban kung naisiwalat na ang impormasyon bago ninyo binawi ang inyong pahintulot. Upang bawiin ang kapahintulutan, padalhan ng isang nakasulat na pahayag ang anumang Tanggapan ng Social Security. Kung gagawin ninyo ito, tuwirang padalhan rin ninyo ang anumang mapagkukunan ng impormasyon na ayaw na ninyong magpasiwalat ng impormasyong tungkol sa inyo; masasabi sa inyo ng SSA kung mayroon kaming alam na mga pinagmumulan ng impormasyon na hindi ninyo nabanggit sa amin. Maaaring gamitin ng SSA ang impormasyong isiniwalat sa kanila bago ninyo binawi ang kapahintulutan, para maghatol tungkol sa inyong claim.

Patakaran ng SSA na maghandog ng serbisyo sa mga taong hindi masyadong marunong ng Ingles sa kanilang katutubong wika o piniling paraan ng pagbibigay-alam na naaalinsunod sa Executive Order 13166 (11 ng Agusto, 2000) at sa Individuals with Disabilities Education Act. Ginagawa ng SSA ang lahat ng makatwirang pagsisikap na tiyaking ang impormasyong nasa SSA-827 ay naibigay sa inyo sa inyong katutubong wika o sa wikang pinili ninyo.

## MAHALAGANG IMPORMASYON, KABILANG ANG PAUNAWA NA INIUUTOS SA BATAS NA NAUUKOL SA PAGSISIWALAT NG MGA IMPORMASYON

Ang lahat ng natatanggap ng SSA na mga impormasyong personal ay pinoprotektahan ng Privacy Act of 1974. Sa oras na isiwalat sa SSA ang mga impormasyong pangmedikal, ang mga ito ay hindi na protektado ng mga tadhana na nauukol sa pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan ng 45 CFR part 164 (na iniuutos ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA)). Ang SSA ay pinangangalagaan ang impormasyong personal sa mahiggit na pagsunod sa mga pagtatakda sa tagal ng panahon na tinatag at pinananatili na kaugnay sa National Archives and Records Administration. Kapag ang mga tala ay walang-kabuluhan na, sinisira ang mga ito alinsunod sa mga tadhanang nauukol sa privacy, tulad ng binabanggit sa 36 CFR part 1228.

Ang SSA ay may pahintulot na kumuha ng mga impormasyon sa form SSA-827 ng sections 205(a), 223(d)(5)(A), 1614(a)(3)(H)(i), 1631(d)(1) at 1631 (e)(1)(A) ng Social Security Act. Ang mga impormasyong nakukuha namin sa form na ito ay ginagamit namin para magpasiya kung kayo ay karapat-dapat, o karapat-dapat pa rin para sa mga benepisyo, at kung kayo ay may kakayahang pamahalaan ang anumang mga benepisyong matatanggap ninyo. Karaniwang kabilang sa paggamit na ito ang pagsusuri ng impormasyong ng ahensiya ng Estado na nagpoprocess ng inyong kaso at ang mga tauhan sa quality control sa SSA. Sa mga ilang kalagayan, ang mga impormasyong tungkol sa inyo ay maaari ring suriin ng mga tauhan ng SSA na nagpoprocess ng inyong pag-apela sa isang paghatol, o ng mga imbestigador para lutasin ang mga paratang ng pagdaraya o pagmamalabis, at maaaring gamitin sa anumang mga kaugnay na pagdinig/paglilitis na administratibo, sibil o kriminal.

Kusang-loob ang inyong pagpirma sa form na ito, ngunit ang inyong hindi pagpirma nito, o ang inyong pagbabawi ng kapahintulutan bago namin matanggap ang mga kinakailangang impormsyon ay maaaring makahadlang sa isang tama o nasa oras na paghatol sa inyong claim at maaaring magresulta sa pagtanggi ng mga benepisyo o ang pagkawala ng mga benepisyo. Bagaman ang impormasyong makukuha namin sa form na ito ay halos hindi kailanman ginagamit para sa anumang layunin maliban sa binabanggit sa itaas, ang impormasyon ay maaaring isiwalat ng SSA na walang pahintulot mula sa inyo kung pinahihintulutan ng mga batas ng pamahalaang Pederal na tulad ng Privacy Act at ng Social Security Act. Halimbawa, maaaring magsiwalat ng impormasyon ang SSA:

1. Upang makatulong sa SSA ang isang ikatlong partido (halimbawa, mga kinokonsultang doktor) o mga ibang ahensiya ng pamahalaan, para patunayan ang mga karapatan para sa mga benepisyo ng Social Security at/o ang pagkakasakop dito;
2. Alinsunod sa batas na pinahihintulutan ang pagsisiwalat ng impormasyon mula sa mga tala ng Social Security (halimbawa, sa Inspector General, sa benefit agencies o auditors ng pamahalaang Pederal o Estado, o sa Department of Veterans Affairs(VA));
3. Para sa mga pananaliksik pang-estadistika at pag-audit na kinakailangan upang tiyakin ang kalinisan at pagbuti ng mga programa ng Social Security (halimbawa, sa Bureau of the Census at mga pribadong kompanya na may kontrata sa SSA).

Ang SSA ay hindi magsisiwalat nang walang tamang paunang pahintulot, ng mga impormasyon na: (1) kaugnay sa pag-abuso sa mga inuming may alkohol at/o drugs na tulad ng nasasaklaw sa 42 CFR part 2, o (2) mula sa mga talaan ng pagtuturo sa isang batang wala pa sa hustong gulang na nakuha alinsunod sa 34 CFR part 99 (Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA)), o (3) tungkol sa pangkaisipang kalusugan, developmental disability, AIDS, o HIV.

Maaari rin naming gamitin ang impormasyong binigay ninyo sa amin kapag tinutugma namin ang mga talaan sa computer. Ang mga programa ng pagtutugma ay hinahambing ang aming mga talaan sa mga talaan ng mga ahensiya ng pamahalaang Pederal, ng Estado, o ng Lungsod. Maraming mga ahensiya ang maaaring gumamit ng mga programa ng pagtutugma upang malaman o patunayan na ang isang tao ay karapat-dapat makatanggap ng mga benepisyong binabayaran ng pamahalaang Pederal. Kami ay pinahihintulutan ng batas na gawin ito kahit na hindi kayo sumasang-ayon dito.

Ang mga pagpapaliwanag tungkol sa mga malamang na dahilan kung bakit ang impormasyong binigay ninyo sa amin ay maaaring gamitin o isiwalat, ay makukuha kapag hiniling, mula sa anumang Tanggapan ng Social Security.

## BATAS NA NAUUKOL SA PAGBABAWAS NG MGA GAWAING KLERIKAL

Itong pagkuha ng mga impormasyon ay sumasapat sa mga iniuutos ng 44 U.S.C. § 3507, tulad ng sinusugan ng Section 2 ng Paperwork Reduction Act of 1995. Hindi ninyo kailangang sagutin itong mga tanong maliban kung kami ay nagpapakita ng balidong Office of Management and Budget control number. Sa tantiya namin ay aabutin ng mga 10 minuto para basahin ang mga tagubilin, tipunin ang mga impormasyon, at sagutin ang mga tanong**. IPADALA O DALHIN ANG SINAGUTANG FORM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA INYONG LUGAR. Ang tanggapan ay nakalista sa ilalim ng U.S. Government agencies sa inyong direktoryo ng telepono o puwede ninyong tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213.** *Puwede ninyong ipadala ang inyong mga puna tungkol sa aming tantiya ng tagal ng panahon na binabanggit sa itaas sa SSA, 1338 Annex Building, Baltimore, MD 21235-6401.* ***Ipadala lamang sa direksiyong ito ang inyong mga puna tungkol sa aming tantiya ng tagal ng panahon, hindi ang sinagutang form.***